ALAMEDA COUNTY

# Registrar of Voters

## PINAGTIBAY NA PLANONG PAGBABAGO SA PANGANGASIWA NG HALALAN
## 2-TAONG PAGSUSURI



1225 FALLON STREET, RM. G-1
OAKLAND, CA 94612
(510) 272-6973
ACVOTE.ORG

SETYEMBRE 2023

# Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Alameda – Plano sa Sentro ng Pagboto


Panimula....3

Kasaysayan....3

Voter’s Choice Act para sa mga Botante ng County ng Alameda....4

**Bahagi 1: Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**....5

Proseso ng Pagboto sa Koreo (Vote by Mail, VBM)....5

Ligtas na Pagkolekta ng mga Balota para sa Pagboto sa Koreo....6

Maa-akses na Pagboto sa Koreo....6

Mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota....8

Mga Sentro ng Pagboto....9

Pagpaparehistro ng Botante....11

Mga Kahaliling Balota....11

Madaling Ma-akses na Pagboto sa mga Sentro ng Pagboto....12

Tulong sa Wika....13

Pagsasaalang-alang Ukol sa Paglalagay ng mga Sentro ng Pagboto....14

Bumubuo sa mga Manggagawa sa Halalan....16

Elektronikong Libro para sa Halalan (Electronic Pollbooks, E-Pollbooks)....17

**Outreach**....18

**Bahagi 2: Plano sa Edukasyon ng Botante at Malawakang Outreach**....19

**Seksyon 1: Pakikipag-ugnayan sa Botante – Pangkalahatan**....21

**Presensya sa Komunidad at mga Materyales para sa Edukasyon ng Botante**....24

Mga Direktang Pagpapadala....24

Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon ng Botante sa Website ng ROV....25

**Seksyon 2: Pagkontak sa Botante – Mga Komunidad na Minoridad ang Wika**....25

**Seksyon 3: Pagkontak sa Botante - Mga Botanteng May Kapansanan**....27

Mga Manggagawa para sa Halalan....30

**Seksyon 4. Impormasyon sa Sentro ng Pagboto at Lokasyon para sa Paghulog ng Balota**....30

Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto....30

Mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota....31

Plano para sa mga Hindi Inaasahang Pangyayari....333

**Seksyon 5: Mga Plano sa Seguridad at Pagkapribado ng Balota ng Sentro ng Pagboto**....34

**Seksyon 6: Badyet** ........ 35

**Listahan ng mga 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota** .. **Error! Bookmark not defined.** 35

**Potensyal na mga Sentro ng Pagboto** ........ 38

**Mga Katambal sa Komunidad** ........ 43

**Mga Miyembro ng Organisasyon ng Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) at Voting Accessibility Advisory Committee** ........ 48

## Panimula

Ang layunin ng Planong ito para sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Plan, EAP) ay ang ihayag kung paano pangangasiwaan ang halalan sa ilalim ng Voter's Choice Act.

Nauunawaan ng Tagapagrehistro ng mga Botante (Registrar of Voters, ROV) ng County ng Alameda ang kahalagahan ng pagkakaroon ng suporta at mga opinyon mula sa mga katuwang natin sa komunidad para sa isang matagumpay na pagpapatupad ng Voter's Choice Act sa ating County. Pagkatapos ng mga pampublikong konsultasyon na pagpupulong kasama ng mga kapartner sa komunidad sa panahon ng pagbuo at pagpapanibago ng plano, ang mga miyembro ng pangkat para sa Edukasyon ng Botante at Outreach ng ROV ay kikilos kasama ang mga katuwang mula sa ating Tagapayong Komite para sa Kadalian ng Pag-akses sa Wika (Language Accessibility Advisory Committee, LAAC) at Tagapayong Komite para sa Kadalian ng Pag-akses sa Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee, VAAC) para sa mga mungkahi kung paano magbibigay ng impormasyon sa mga komunidad na kanilang sinusuportahan.

Ang EAP ay nahahati sa dalawang (2) bahagi:

Ang *Bahagi 1* ng plano ay sumasakop sa seksyon ukol sa pangangasiwa ng halalan at kasama ang proseso ng Pagboto sa Koreo (Vote by Mail), mga Sentro ng Pagboto (mga lokasyon para sa pagboto) at mga inihuhulog na balota, mga iniaatas ng Sentro ng Pagboto, at ang mga pagsasaalang-alang sa mga pampublikong opinyon at mga notipikasyon.

Ang *Bahagi 2* ng plano ay sumasakop sa edukasyon at outreach at naka-alinsunod sa Kodigo ng Halalan sa California na nasa mga Seksyon 4005(a)(10)(I)(i), at kasama ang pakikipag-ugnayan sa mga botante para sa pangkalahatan, sa komunidad na minoridad ang wika, at sa mga botante na mayroong kapansanan, impormasyon sa lokasyon ng Sentro ng Pagboto at paghulog ng balota, mga plano para sa seguridad at pagkapribado ng mga balota sa Sentro ng Pagboto, at isang seksyon para sa badyet.

## Kasaysayan

Ang Voter's Choice Act (VCA) ng California, o ang Batas ng Senado (S.B.) 450 (Allen, D-26) ay nilagdaan upang maging batas noong Setyembre 29, 2016, kung saan idinagdag ang Seksyon 4005 sa Kodigo ng Halalan sa California, kung saan pinapayagan ang mga awtorisadong county, pagkatapos na aprubahan ng kanilang Lupon ng mga Superbisor, na magsagawa ng anumang halalan sa pamamagitan ng koreo, nang may ilang mga partikular na iniaatas. Sa ilalim ng VCA, lahat ng mga botante ay pinapadalhan sa pamamagitan ng koreo ng isang balota 29 na araw bago ang halalan, at ang bawat County ay nagtatatag, ng mga inihayag na opinyon ng publiko, sa maraming Lokasyon para sa Paghulog ng Balota at mga Sentro ng Pagboto sa buong County, kung saan ang sinumang botante ng county ay maaaring maghulog ng kanilang balota. Ang modelo ng VCA kaugnay ng pagboto ay nag-aatas sa mga pangrehiyong Sentro ng Pagboto na maging bukas nang kasing aga ng 10 araw bago ang Araw ng Halalan hanggang sa pagsasara ng pagboto sa Araw ng Halalan.

Noong Mayo 8, 2020, at noong Hunyo 3, 2020, bilang isang resulta ng mga pangkalusugang emerhensiya na dulot ng COVID-19, ang Gobernador ng California ay nag-isyu ng mga Ehekutibong Utos N-64-20 at N-67-20 at nilagdaan ang Batas ng Asembleya (AB) 860, na nag-aatas sa bawat karapat-dapat na botante na tumanggap ng isang balota sa pamamagitan ng koreo at maglaan ng pangrehiyong mga Sentro ng Pagboto kung saan maaring bumoto nang personal, para sa pangkalahatang halalan ng Nobyembre 3, 2020, kung saan pinayagan ang mga county na hindi napasasailalim sa VCA na magsagawa ng isang modelo ng halalan na katulad ng sa VCA. Ayon sa inilawaran sa Kodigo ng Halalan Seksyon 1602 (a) (b) at (c) , kabilang sa modelo ng halalan na katulad

ng sa VCA ang pagkakaroon ng isang (1) lokasyon para sa personal na pagboto para sa bawat 10,000 botante at isang (1) drop box para sa balota para sa bawat 15,000 botante. Simula nang ibinaba ang mga Ehekutibong Utos, ang Tagagpagrehistro ng mga Botante ng County ng Alameda ay matagumpay na nakapagsagawa ng dalawang modelo ng halalan na Katulad ng Sa VCA – ang Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 3, 2020 at ang Eleksyon sa Pagpapaalis ng Gobernador ng California noong Setyembre 14, 2021.

Noong Setyembre 27, 2021, nilagdaan ng Gobernador ng California ang Batas ng Asembleya 37 (AB) 37 kung saan pinalawig pa ang mga iniaatas sa mga opisyal ng mga lokal na halalan na ipadala sa koreo ang isang balota para sa Pagboto sa Koreo sa bawat rehistradong botante. Iniaatas ng batas na payagan ng mga opisyal ng mga halalan ang sinumang botante na magsumite ng balota gamit ang isang sertipikadong Sistemang Maa-akses sa Malayo na Pagboto sa Koreo (Remote Access Vote By Mail, RAVBM) para sa anumang halalan. Iniaatas ng AB37 ang isang Sistema sa pagtutunton ng Pagboto sa Koreo upang dito ay ma-akses ang mga botante na mayroong kapansanan.

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Alameda ay matagumpay na nagsagawa ng sumusunod na pangunahing mga halalan sa ilalim ng VCA at mga kahalintulad na VCA na modelo:

- Nobyembre 3, 2020, Pangkalahatang Halalan
- Setyembre 14, 2021, Recall na Halalan sa Pagka-Gobernador ng California
- Hunyo 7, 2022, Primaryang Halalan para sa Pagka-Gobernador
- Nobyembre 8, 2022, Pangkalahatang Halalan sa Pagka-Gobernador

## Voter's Choice Act para sa mga Botante ng County ng Alameda

Simula noong ika-28 ng Abril, 2022, ang County ng Alameda ay nagsagawa ng mga halalan sa ilalim ng Voter's Choice Act. Ang naturang Voter's Choice Act (VCA) ay nagdadagdag ng mga opsyon sa pagboto kaugnay ng kung paano, kailan at saan isusumite ng mga botante ang kanilang mga balota. Ang mga botante ay makakapagbalik ng kanilang balota para sa Pagboto sa Koreo (VBM) nang hindi na kakailanganin pa ang magbayad ng selyo o postage, sa pamamagitan ng isang regular na koreo, ihulog ito sa isang Opisyal na 24-oras na Ballot Drop Box, o ihulog ang kanilang mga balotang VBM sa alinman sa isa sa 100 Sentro ng Pagboto na makikita sa buong County nang kasing-aga ng sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan.

Sa isang Sentro ng Pagboto, ang mga botante ay mayroong opsyon na bumoto nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto sa loob ng County nang kasing-aga ng sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan o magparehistro at bumoto sa kaparehong araw hanggang sa Araw ng Halalan. Ang mga botante na mayroong kapansanan ay maaaring tumanggap ng suporta at bumoto gamit ang isang madaling ma-akses na kagamitan para sa pagmamarka ng balota. Mayroong mapagkukunan ng tulong kaugnay ng wika at mga materyal para sa pagboto na nasa iba't ibang wika para sa mga botante na ang pangunahing wika ay hindi English. Sa panahon ng bawat halalan na isinagawa sa lahat ng mga estado sa ilalim ng VCA, magkakaroon ng 100 Sentro ng Pagboto at 66 na Opisyal na 24-oras na mga Ballot Drop Box na makikita sa lahat ng mga komunidad sa buong County.

# Bahagi 1: Pangangasiwa ng Halalan

## Proseso ng Pagboto sa Koreo (Vote by Mail, VBM)

Sa isang halalang Nakamodelo sa Sentro ng Pagboto, lahat ng mga karapat-dapat na rehistradong botante ay awtomatikong padadalhan sa koreo ng isang opisyal na Balota para sa Pagboto sa Koreo.

Taglay ng naturang Pakete ng Balota para sa Pagboto sa Koreo ang mga sumusunod:

- Isang sobreng bayad na ang selyo
- Ang Opisyal na Balota
  - Maaaring kabilang ang maraming card ng balota depende sa dami ng mga paligsahan
  - Sa kagustuhang wika ng botante, kung tinukoy
- Isang ballot wrap (mga instruksyon kung paano kukumpletuhin at ibabalik ang balota)
- Isang pampleta ng impormasyon na may link para sa website at numero ng telepono para sa mga oras at mga lokasyon ng VCA, 24-oras na Mga Ballot Drop Box, at pagtutunton ng balota)
- Isang "I Voted" o "Bumoto na Ako" na sticker; at
- Kung naaangkop, karagdagang pampleta ng impormasyon

Lahat ng mga opisyal na balota ay ipapadala sa koreo nang First Class gamit ang United States Postal Service simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang mga opisyal na balota ay ipapadala rin sa mga botante ng Militar at mga Nasa Ibang Bansa simula 45 araw bago ang Araw ng Halalan. Ang mga botante ng Militar at mga Nasa Ibang Bansa ay dapat na magdagdag ng selyo para sa koreo sa kanilang sobreng pambalik.

Maibabalik ng mga botante ang kanilang mga may botong balota sa pamamagitan ng:

- koreo (gamit ang ibinigay na sobreng bayad na ang First Class na selyo)
- pagbabalik ng balota sa alinmang Sentro ng Pagboto
- paghuhulog ng kanilang balota sa alinmang 24-oras na Ballot Drop Box
- paghuhulog ng kanilang balota sa isang lokasyon ng Ballot Drop Stop Tour
- pagbibigay ng balota sa pangkat ng ACVOTE On The Go (serbisyong mobile para sa mga botante upang maibalik ang kanilang mga balota)
- pagbabalik gamit ang Inmate Program

Ang isang botante ay maaaring humiling ng isang kahaliling balota kung hindi sila nakatanggap ng kanilang balota sa isang napapanahong pamamaraan, kung nasira ang balota, kung nawala ang balota, o kung nagkamali sila sa kanilang balota. Ang naturang Kahaliling Balota para sa Pagboto sa Koreo ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng koreo, email, o fax. Isang kahaliling balota para sa Pagboto sa Koreo ang ipapadala sa botante sa pamamagitan ng koreo o  maaaring kunin sa mga bukas na oras ng Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Makakapunta rin ang mga botante sa website ng ROV at gamitin ang serbisyong "Ballot Will Call" kung saan makakapagtakda sila ng pagkuha ng kanilang balota para sa Pagboto sa Koreo nang personal pagkatapos ng 24-oras.

Ang mga bilingual na balota na para sa mga botante na ang pangunahing wika ay hindi English, ay makukuha sa apat (4) na suportadong wika: Chinese, Spanish, Tagalog at Vietnamese. Matutukoy ng mga botante ang kanilang napiling wika sa form ng rehistrasyon kung saan sila nagparehistro upang makaboto. Ang mga balota, mga materyal ng Pagboto sa Koreo, ang mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante ay ipinadadala sa mga botante na nasa kanilang napiling wika. Ang mga balotang Facsimile ay maaari ring hilingin sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto para sa mga tinukoy na presinto sa pagsunod sa Kodigo ng mga Halalan Seksyon 14201 sa mga wikang Burmese, Khmer, Hindi, Korean, Laotian, Mien, Mongolian, Punjabi at Telugu. Ang mga kopya ng mga balotang facsimille ay naka-post nang trifold sa bawat Sentro ng Pagboto (Vote Center). Ang mga naturang kopya ng mga Balotang Facsimile ay maaaring hilingin ng mga rehistradong residenteng botante ng isang presinto na natukoy bilang nangangailangan ng suporta sa wika sa hiniling na wika.

Ang mga Botante sa Pagboto sa Koreo na may pangangailangan sa wika, na ang kagustuhang wika para sa Seksyon 14201 wika na makikita sa talaan ng mga botante ay awtomatikong mapapadalhan ng balotang facsimile sa naturang wika. Ang mga botanteng may kagustuhang wika ng Seksyon 14201 ngunit hindi ito nakalista sa kanilang talaan ng botante, na maaaring humiling ng balotang facsimile. Ang mga inisyal na humihiling ng isang balotang facsimile, ay tumatanggap ng kanilang opisyal na Balota sa Pagboto sa Koreo sa wikang English. Ang paghiling para sa isang balotang facsimile ay maaaring gawin sa pamamagitan ng koreo, telepono, o online. Ang mga balotang facsimile ay ipinapadala sa botante sa pamamagitan ng koreo. Ang mga botante ay maaari ring humiling na palitan ang kanilang pangunahing wika sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng ROV sa telepono (510) 272-6973 o sa fax (510) 272-6982, email registration@acgov.org, nang personal, online sa pamamagitan ng pagpapatala sa Voter Profile Ko sa www.acvote.org/mvp.

*Ligtas na Pagkolekta ng mga Balota para sa Pagboto sa Koreo*

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay mayroong dalawang (2) pangkat ng mga kawani na sumusunod sa isang hanay ng kustodiya kapag kinukuha ang mga balota mula sa bawat ballot drop box sa buong County. Bawat pangkat ay binigyan ng isang smart phone na magagamit upang makapag-log ng mga nakolektang balota mula sa drop box papunta sa ating sistema ng pagtunton. Ang sistema ng pagtunton ay sinusubaybayan ng mga koordinator ng ROV Ballot Drop Box upang makumpirma kung nakuha na ang lahat ng laman ng mga kahon. Ang mga balota ay maingat na itatago sa isang selyadong bag upang direktang maibalik sa tanggapan ng ROV. Kapag dumating na ang pangkat, ang mga bag ay kukuhanin ng iba pang mga miyembro ng kawani at ang mga balota ay ila-log o isusulat sa sistema ng pagtunton bilang naipadala na sa courthouse.

## Maa-akses na Pagboto sa Koreo

*Remote Access Vote By Mail*

Ang isang maa-akses na opsyon na maaaring gamitin ng lahat ng karapat-dapat na mga botante ay ang sistemang Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM), kung saan pinapayagan ang mga botante na markahan ang kanilang balota nang independyente at nang pribado sa kaginhawahan ng kanilang tahanan. Ipinaalam sa mga botante ang RAVBM sa pamamagitan ng Patnubay na Impormasyon sa Botante, ang Website ng ROV at isang tuwirang mailer. Ang pangunahing layunin ng sistema ng RAVBM ay para sa mga Botanteng Militar at nasa Ibayong Dagat at mga botanteng may kapansanan, na umaasa sa iba upang humingi ng tulong para mabasa at markahan ang kanilang balota na ngayon ay maaaring markahan ang balota nang pribado at malaya gamit ang kanilang sariling assistive technology

sa bahay. Mangyaring unawain na ang RAVBM ay HINDI isang pagboto sa internet o isang pamamaraan na pagsumite sa iyong balota online. Hindi na kailangang humiling ng access ang mga botante sa sistemang RAVBM. Sa halip, ang mga botante ay maaaring makapag-log in sila sa kanilang Voter Profile Ko na matatagpuan sa website ng ROV at makapag-akses ng kanilang Opsiyal na Balota, kasama ang lahat ng instruksyon kung paano mag-download, mag-print, mag-kumpleto at magbalik ng kanilang may botong balota sa ROV pagsapit ng Araw ng Halalan. Kailangang mag-download ng balota ang mga botante sa kanilang mga aparato upang mabasa nila ito at mamarkahan ito gamit ang kanilang mga personal na mga katangian para sa pag-a-akses. Ang mga botante na gumamit ng RAVBM ay kailangang magbalik ng kanilang may botong balota sa pamamagitan ng isa sa tatlong pamamaraan: sa pamamagitan ng isang pamantayang koreo, sa pamamagitan ng paghuhulog ng kanilang balota sa isang 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota, o sa pamamagitan ng isang Sentro ng Pagboto.

Maging anupaman ang piniling paraan ng pagbabalik, ang mga may botong balota ay kailangang ibalik na nasa isang sobre. Inirerekomenda na gamitin ng mga botante ang ibinigay na sobreng pambalik na kasama ng kanilang balota sa Pakete ng Pagboto sa Koreo. Maaari silang humiling ng mga panghaliling sobreng pambalik ng balota sa pamamagitan ng pagtawag sa ROV sa (510) 272-6973 o kumuha ng isa sa tanggapan ng ROV o sa isang Sentro ng Pagboto. Maaari ring piliin ng mga botante na gamitin ang kanilang sariling sobre. Kung magbabalik ng may botong balota sa pamamagitan ng koreo, ang ibinigay na sobreng pambalik ng balota ay hindi nangangailangan ng anumang bayad sa selyo. Subalit, kakailanganin ang sapat na bayad sa selyo kapag ibinalik ng mga botante ang kanilang may botong balota gamit ang *sarili* nilang sobre. Kasama ng balota, dapat ibalik ng botante ang kinumpletong Oath form.

*Programa sa Pagboto sa Koreo para sa mga Bilanggo*

Ang aming tanggapan ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga bilanggo gamit ang aming Programa para sa Pagboto sa Koreo. Ito ay isang proseso kung saan ang Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay nakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Sheriff ng County ng Alameda at iba pang mga ahensya na nagpapatupad ng batas upang matulungan ang mga bilanggo na makaboto sa isang Halalan. Ang espesyal na kaganapan ng Ballot Drop Stop ay gaganapin sa Santa Rita Jail para sa mga bilanggo upang makatanggap ng impormasyon at maihulog ang kanilang mga ibinotong balota sa mga miyembro ng pangkat ng ROV. Sa loob ng prosesong ito, nirerehistro ng ROV ang mga bilanggo, bineberipika ang kasalukuyang rehistro, at nag-iisyu ng isang balota sa mga karapat-dapat na rehistradong botante. Personal na dinadala ng Tanggapan ng Sheriff ang mga nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante at ang mga aplikasyon ng mga bilanggo para sa Pagboto sa Koreo sa tanggapan ng ROV. Bago ang halalan, nakikipagpulong ang ROV sa Tanggapan ng Sheriff upang malaman ang iskedyul ng programa na kabilang ang petsa ng halalan, ang mga takdang huling araw para sa rehistrasyon, kung mayroon nang mga Balotang VBM (29 na araw bago ang halalan), at ang pagkuha at pagbabalik ng mga balota. Ang Tanggapan ng Sheriff ang maghahatid ng mga Balota para sa Pagboto sa Koreo sa mga bilanggo. Ang Tanggapan ng Sheriff ang magbabalik ng mga may botong balota sa tanggapan ng ROV sa o bago ang Araw ng Halalan.

*ACVOTE On The Go Program*

Nakikipagtambalan ang Programang ACVOTE On The Go sa mga tanggapan ng mga pasilidad at pangangasiwa upang makipag-ugnayan sa pagpapadala ng 2 kawaning miyembro ng ROV para tumulong sa mga botante sa pagtanggap, pagmamarka ng balota, at pagbabalik ng balota ng mga botanteng nasa ospital, may kapansanan, o naka-confined sa kanilang mga tahanan dahil sa isang

emerhensiyang medikal. Iniimbestigahan ng ROV ang mga maa-akses na opsyon sa pagmamarka ng balota para sa mga halalan sa hinaharap. Kung hihilingin, maaaring magbigay ng bersyon ng Gabay na Impormasyon para sa Botante ng County na may malalaking letra sa mga botante na may mahinang paningin o may kapansanan sa paningin. Ang mga botante na nangangailangan ng serbisyong ito ay maaaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan para sa mga karagdagang tagubilin ukol sa pagtanggap ng kanilang Balota para sa Pagboto sa Koreo sa tamang panahon. Simula 29 na araw bago ang isang halalan, ang mga botante ay maaaring tumawag sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (510) 272-6973 o mag-email sa onthego@acgov.org para sumali sa ACVOTE On the Go Program.

*Ballot Drop Stop Tour*

Pinahihintulutan ng ROV Ballot Drop Stop Tour ang mga botante na i-drop off ang kanilang ibinotong balota, makatanggap ng impormasyon tungkol sa parating na mga halalan, at makarehistro para makaboto. Ang tour ay nagsisimula 28 araw bago ang bawat halalan at natatapos 4 na araw bago ang bawat halalan. Pinupuntirya ng Ballot Drop Stop Tour ang mga komunidad ng may kapansanan, senior, kabataan, at mga organisasyong nakabase sa wika at paniniwala, mga silungan ng mga hayop, mga mall, mga kulang sa serbisyo at mga walang tahanan. Kasama sa mga lokasyon ang mga silid-aklatan, mga city hall, senior centers, at mga kaganapan at pagdiriwang sa komunidad sa buong County. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Ballot Drop Stop Tour at mga potensyal na stop, mangyaring bumisita sa pahina ng Ballot Drop Stop sa ROV website sa www.acvote.org/dropstop na nagpapaliwanag kung paano humiling ng isang drop stop tour na lokasyon.

## Mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota

*Kodigo ng Halalan Seksyon 4005*

Ang Kodigo ng Halalan sa California ay nagtatakda ng mga sukatan ukol sa paano ang isang county ay dapat na maglaan ng mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota para sa mga botante. Kailangang magkaroon nang hindi bababa sa isang (1) Lokasyon para sa Paghulog ng Balota sa bawat 15,000 rehistradong mga botante na magagamit 28 araw bago ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuang 29 na araw.

Ang bilang ng mga 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota ay base sa aktwal na bilang ng mga rehistradong botante sa ika-88 araw bago ang bawat halalan. Base sa kasalukuyang kabuuang rehistradong mga botante, kinakailangang maglagay ng 63 na 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota ang ROV.

| Mga Iniaatas | |
|---|---|
| Mga Lokasyon para sa Paghuhulog ng Balota:<br>(1 para sa bawat 15k rehistradong botante) | 63 |

*24-oras na mga Kahong Paghuhulugan ng Balota*

Sa kasalukuyan, ang ROV ay mayroong animnapu't anim na 24-oras na mga lokasyon ng Kahong Paghuhulugan ng Balota na permanenteng nakatayo sa buong county. Ang mga balota ay inihuhulog

sa Kahong Paghuhulugan sa isang puwang. Ang mga 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota ay ginamit ng mga botante sa apat na espesyal na halalan at sa apat na halalan para sa lahat ng estado.

Sa pagdedetermina ng mga disenyo at lokasyon ng 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota, ang ROV ay sumunod sa lahat ng mga alituntunin at regulasyon ng estado. Para matiyak ang paglalagay ng 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota sa lahat ng mga komunidad, nakipagtambalan ang ROV sa mga opisyal ng lungsod at county, mga lokal na hurisdiksyon, mga nahalal na opisyal, mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga komunidad ng wika, mga komunidad ng may kapansanan, at mga lungsod sa buong County ng Alameda. Ang pamantayang hinihingi ng Kodigo ng mga Halalan na binanggit sa itaas ay inilapat sa paglalagay ng 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota.

Upang matiyak na ang mga botante na ang binibigkas na pangunahing wika ay isang wika na bukod pa sa English ay may sapat na akses, ang mga 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota ay may markang "Opisyal na Ballot Drop-Box" na nasa kinakailangang wika.

**Mga Sentro ng Pagboto**

Sa ilalim ng modelo ng halalan sa Voter's Choice Act (VCA), ang mga Sentro ng Pagboto ay inaatasang maging bukas nang mas maraming araw kumpara sa mga nagdaang kalakaran sa mga tradisyunal na lugar ng botohan. Lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay magiging bukas sa loob ng panahong tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at sa mismong Araw ng Halalan, para sa kabuuang apat (4) na araw. Dalawampung lokasyon ang magiging bukas sa loob nang sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, at sa mismong Araw ng Halalan, para sa kabuuang labing-isang (11) araw.

Ang Voter's Choice Act ng California ay nagtatakda ng mga sukatan kaugnay ng kung paano na ang isang county ay dapat na maglaan para sa mga botante ng mga Sentro ng Pagboto:

- Simula sa sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, hanggang sa at kabilang ang ika-apat na araw bago ang Araw ng Halalan, para sa kabuuang pitong (7) araw, isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 50,000 rehistradong botante ang dapat na patakbuhin sa loob ng hurisdiksyon kung saan ginaganap ang halalan.
- Simula sa tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at sa Araw ng Halalan, para sa kabuuang apat (4) na araw, isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 botante ang dapat na patakbuhin sa loob ng hurisdiksyon kung saan ginaganap ang halalan.

Lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay mayroong mga maa-akses na kagamitan para sa pagboto, tulong sa wika, at nagbibigay ng Kondisyunal na Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration, CVR) na nagbibigay sa isang botante ng kakayahan na magparehistro at bumoto sa kaparehong araw. Dagdag pa rito, ang mga botante ay hindi limitado sa iisang itinalagang lugar para sa pagboto, pero sa halip ay mayroong opsyon na bisitahin ang alinman sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa buong County ng Alameda.

Upang lalo pang maging mahusay ang paglilingkod sa mga botante, nagpaplano ang County ng Alameda na magpatakbo ng isang karagdagang may 11-araw na Sentro para sa Pagboto na higit pa sa pinakamababang iniaatas, at may anim (6) na karagdagang 4-araw na mga Sentro ng Pagboto na higit pa sa pinakamababang iniaatas kung mayroong sapat na mga lokasyon at kawani *at* kung ito ay magiging benepisyal sa mga botante. Ang mga oras ng operasyon para sa lahat ng mga Sentro ng


Pagboto ay 9:00 AM hanggang 5:00 PM ng mga petsa bago ang Araw ng Halalan. Maglalathala ang ROV ng isang listahan ng mga lokasyon sa aming website na magbibigay din ng mga direksyon papunta sa mga lokasyon. Sa Araw ng Halalan, lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay magiging bukas para sa mga botante mula 7:00 AM hanggang 8:00 PM, ayon sa Kodigo ng Halalan (Kodigo ng Halalan §4005). Ang bilang ng mga Sentro ng Pagboto ay base sa aktwal na bilang ng mga rehistradong botante sa ika-88 araw bago ang bawat halalan. Base sa kasalukuyang rehistradong mga botante, ang kinakailangang bilang ng 11-araw na mga Sentro ng Pagboto ay 19 at ang bilang ng 4-araw ay 75, kagaya ng nabanggit sa talaan sa ibaba. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay magtatakda ng 20 11-araw na mga Sentro ng Pagboto at 80 4-araw na mga Sentro ng Pagboto.

| Kalkulasyon ng Pangkabuuang-Estadong Halalan | Iniaatas ng VCA | Plano ng ROV |
|---|---|---|
| 11-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 50k rehistradong botante) | 19 | 20 |
| 4-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 10k rehistradong botante) | 75 | 80 |

**Ang diagram sa ibaba ay isang halimbawa ng diagram ng isang Sentro ng Pagboto. Ang aktwal na set up ng Sentro ng Pagboto ay maaaring maiba depende sa laki at layout ng kuwarto.**

Kasama sa diagram ang:

1. Mga Sentro ng Impormasyon sa Botante (2) katabi ng pasukan
2. Mga Kulungang Panghatid ng Balota (5) sa likod ng Istasyon ng Ballot Print-On-Demand
3. Mga Kariton ng Kagamitan ng Sentro ng Pagboto (3)
4. Istasyon sa Check-In ng Poll Book sa katabi ng pasukan
5. Istasyon ng Ballot Print On-Demand kasunod ng Istasyon ng Check-In ng Poll Book
6. Dilaw na Trolley ng Balota sa Pagboto sa Koreo
7. Asul na Trolley ng Pang-Kondisyunal/Pansamantala
8. Turquoise na Trolley ng Opisyal na Balota
9. Mga Accessible na Kubol sa Pagboto para sa pagboto gamit ang papel na balota (2) na nakadikit sa isang pader na malayo sa cross traffic
10. Setup ng mga Kubol sa Pagboto (4) malayo sa mga Kubol sa Accessible na Pagboto at mga Kubol ng Kagamitang Pangmarka ng Balota
11. Setup ng mga Kubol para sa Kagamitan ng Pagmarka ng Balota (4) sa katapat ng mga Kubol sa Accessible na Pagboto




**Pagpaparehistro ng Botante**

*Sentro ng Pagboto – Kondisyunal na Pagpaparehistro ng Botante*

Ang mga Sentro ng Pagboto ay maaaring magbigay ng mas maraming mga serbisyo kumpara sa tradisyunal na modelo sa lugar ng botohan. Isa sa mga ibinibigay na pinalawig na serbisyo na ipinagkakaloob sa mga Sentro ng Pagboto ay ang rehistrasyon ng botante. Ang mga botante ngayon ay mayroon nang kakayahan na magparehistro upang makaboto, magsapanahon ng kanilang rehistrasyon kaugnay ng pagboto, at bumoto nang kondisyunal sa alinmang Sentro ng Pagboto. Ang mga botante na makikitang karapat-dapat para bumoto sa ilalim ng Kondisyunal na Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration, CVR) ay tatanggap ng isang balota na may kasamang isang Sobre ng Kondisyunal/Pansamantalang Balota/Form ng Pagpaparehistro ng Botante. Hindi katulad ng isang lugar ng botohan, ang mga Sentro ng Pagboto ay magbibigay sa botante ng sarili niyang uri ng balota ng presinto kapag bumoto sila sa ilalim ng Kondisyunal na Pagpaparehistro ng Botante.

**Mga Kahaliling Balota**

Ang isang botante ay maaaring humiling ng isang kahaliling balota kung ang botante ay hindi nakatanggap ng kanilang balota sa isang napapanahong pamamaraan, o kung nagkamali sila sa kanilang balota. Ang Balota para sa Pagboto sa Koreo  ay maaaring hilingin sa koreo, email, at fax. Isang kahaliling Balota para sa Pagboto sa Koreo ang ipapadala sa botante sa pamamagitan ng koreo. Ang mga botante ay makakapunta rin sa website ng ROV at gamitin ang serbisyong "Ballot Will Call" kung saan makakapagtakda sila ng pagkuha ng kanilang Balota para sa Pagboto sa Koreo nang personal pagkatapos ng 24-oras.

*Pansamantalang Pagboto*

Sa alinmang Sentro ng Pagboto, ang isang botante ay maaaring bumoto nang pansamantala (Kodigo ng Halalan §14310). Ang botante na nagsasabing rehistrado na siya, pero ang rehistrasyon naman at pagkakarapat-dapat ay hindi agarang nadedetermina ng mga kawani ng ROV, ay nararapat para sa isang Pansamantalang Balota. Ang botante ay bibigyan ng isang balota at isang Sobre para sa Kondisyunal/Pansamantalang Balota/Form ng Pagpaparehistro ng Botante nang may kasamang nakasulat na mga tagubilin ukol sa proseso at sa mga pamamaraan kaugnay ng pagsusumite ng isang Pansamantalang Balota; isang nakasulat na paninindigan ukol sa rehistrasyon ng botante at sa pagkakarapat-dapat na bumoto, na kailangang lagdaan ng botante. Sinumang botante na magsusumite ng isang Pansamantalang Balota ay maaaring pilasin ang kanilang resibo mula sa sobre upang matunton nila ang kalagayan ng kanilang balota sa website ng ROV. Kailangang selyuhan ng botante ang balota na nasa Kondisyunal/Pansamantalang Balota/Sobre ng Form ng Pagpaparehistro ng Botante at ilagay ito sa isang iniingatang Trolley para sa Pansamantalang Balota upang maibalik sa pangunahing tanggapan ng ROV. Ang mga botante ay maaaring makipag-ugnayan sa ROV o gamitin ang website upang makumpirma kung naisama sa pagbibilang ang kanilang balota.

## **Madaling Maakses na Pagboto sa mga Sentro ng Pagboto**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Alameda ay naglalayong tiyakin na ang madaling pag-akses ng botante ay isinasaalang-alang sa pangkalahatang pagpaplano at pagpapatupad ng VCA. Ang pag-a-akses ay isa sa pinakamahalagang kriterya na pinag-aralan ng ROV sa pagdedetermina ng pipiliing Sentro ng Pagboto, mga iniaatas na makina para sa pagboto, at ang pagsasanay at pagsasalugar ng mga Manggagawa para sa Halalan. Gumagamit ang ROV ng naa-akses na mga Ballot Marking Device (BMD), kasama ang mga dati nang naitatag na mga programa, tulad ng Remote Accessible Vote By Mail (RAVBM), upang makapag-adhika ng isang ligtas, maa-akses, at independyenteng karanasan sa pagboto para sa bawat botante. Ang ROV ay patuloy na magbibigay ng madaling maa-akses na pagboto sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto.

Ginagamit ng ROV ang Checklist Survey para sa Aksesibilidad ng Kalihim ng Estado ng California upang madetermina ang mga katangian ng mga pasilidad ng Sentro ng Pagboto na nakakatugon sa mga pamantayan, at mga nangangailangan ng mga modipikasyon. Lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay accessible.

Bawat Sentro ng Pagboto sa County ng Alameda ay mayroong hindi bababa sa anim (6) na madaling ma-akses na mga ICX Ballot Marking Device (BMD) ng Dominion Voting System. Ang mga yunit na ito ay nakaprograma na taglay ang lahat ng mga uri ng balota at mga bersyon ng wika. Ang BMD para sa bawat Sentro ng Pagboto ay may mga katangiang nakatugon sa Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan at mayroong mga aksesorya na may iba't ibang mga opsyon kaugnay ng pamamaraan ng pagboto, na nagbibigay-daan sa mga botante na may pansamantala o permanenteng kapansanan na gamitin ang kanilang karapatang bumoto nang pribado at independyente. Ang "pribado at independyente" ay mga paraan na nagbibigay-daan upang sila ay makaboto nang hindi umaasa sa ibang tao na tulungan silang markahan ang kanilang balota at hindi kinakailangang ihayag kung paano sila bumoboto kaninuman, na nagproprotekta ng kanilang karapatang bumoto ng lihim na balota. Kabilang sa mga ito ang nakikita, naririnig, at mga Tactile Interface na maaaring gamitin sa alinmang kombinasyong gugustuhin ng botante sa pag-navigate at pagmarka ang isang balota. Gayundin, ang sukat ng font na nasa screen ay maaaring palitan at ang resolusyon ng screen ay maaaring mailipat sa

high-contrast na puti sa itim na background. Dagdag pa sa mga modipikasyon sa screen, ang keypad ng Audio Tactile Interface (ATI) ay nagpapahintulot sa mga botante na pakinggan ang kanilang balota, mag-akma ng lakas at bilis ng pagsasalita (kung kailangan), at gawin ang kanilang mga pagpili. Ang ATI ay mayroon ding kumpletong hanay ng mga malalaking buton para sa pag-navigate na kasang-ayon sa katangian ng Braille at mga input sa "Sip and Puff" o paddle selection na gamit. Maaaring dalhin ng sinumang botante ang isa (1) o dalawang (2) indibiduwal upang matulungan sila sa proseso ng pagboto, kasama ang isang Manggagawa sa Halalan.

Kung sakaling matukoy na ang isa o higit pa sa mga BMD ay may problema, ang ROV ay agad na magsasagawa ng mga pamamaraan upang mapalitan ang anumang mga aparato, ayon sa kailangan. Ang proseso ng paghahalili ay inuuna batay sa mga nagagamit na gumaganang yunit sa lokasyon, mga pangangailangan kaugnay ng kapasidad, at katindihan ng isyu.

Kabilang sa mga karagdagang serbisyong makukuha sa bawat Sentro ng Pagboto ay ang Pagboto sa Gilid ng Daan at mga kagamitan na may kasamang isang malaking panulat na mahahawakan nang mahigpit, magnifier at mga gabay sa pagpirma.

Ang mga Sentro ng Pagboto ay nag-aalok ng Pagboto sa Gilid ng Daan. Ang mga botante na hindi makalabas ng kanilang sasakyan o ang hindi makapasok sa isang Sentro ng Pagboto, ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo sa labas ng Sentro ng Pagboto. May mga pananda na magsasabi sa mga botante kung nasaan ang Pagboto sa Gilid ng Daan at kung paano humiling ng tulong mula roon.

Ang mga manggagawa sa halalan ay kinakailangang dumalo sa pagsasanay bago magsilbi sa isang sentro ng pagboto. Kasama sa pagsasanay ang pagiging sensitibo sa kapansanan at aktwal na pagsasanay kung paanong gamitin at tulungan ang mga botante sa paggamit ng mga pantulong na kagamitan sa pagmamarka ng balota. Ang mga Manggagawa sa Halalan ay tumutulong sa mga botante sa buong prosesong isinasagawa sa Sentro ng Pagboto. Kabilang dito ang pagtulong sa pag-set up ng aparato sa pagmamarka ng balota, gayundin ang pagtulong sa isang botante na humihiling ng tulong.

**<u>Tulong sa Wika</u>**

Ang ROV ay naglalayon na ang bawat Sentro ng Pagboto ay makapagbigay ng tulong sa wika sa lahat ng mga wikang kinakailangan. Para sa County ng Alameda, ang mga wikang ito ay kinabibilangan ng: English, Chinese, Spanish, Tagalog, Vietnamese, Burmese, Khmer, Hindi, Korean, Laotian, Mien, Mongolian, Punjabi at Telugu. Lahat ng mga materyales para sa pagboto kabilang ang mga opisyal na balota, Mga Balotang Facsimile ng tinukoy na presinto, Kondisyunal/Pansamantalang Balota/mga Sobre ng Form ng Pagpaparehistro ng Botante ay ibibigay nang nasa mga naturang wika sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto.

Kasama sa plano ng ROV ang pagkuha ng mga kawani na bilingguwal na nakakapagsalita ng mga wikang kinakailangan sa anumang ibinigay na komunidad. Kung walang mga kawani na bilingguwal, ang kawani ng Sentro ng Pagboto ay makikipag-usap sa tanggapan ng ROV at iuugnay ang botante sa ating mga linya ng telepono para sa suportang pangwika. Dagdag pa rito, ang mga manggagawa sa halalan ay may kakayahang ikonekta ang mga botante sa isang serbisyo ng pagsasaling-wika na inirerekomenda ng Kalihim ng Estado. Ang serbisyong ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga kinakailangang wika sa County ng Alameda. Ipaaalam sa mga Botante ang mga linyang pangtelepono para sa tulong

sa wika sa pamamagitan ng Patnubay na Impormasyon sa Botante, mga tuwirang mailer, mga inserts ng Pagboto sa Koreo, website ng ROV, media outlets ng wika, at mga outreach event.

Kasabay ng pagmamapa at datos ng wika mula sa database ng botante, nagagawa ng ROV na tukuyin ang paglalagay ng mga kawani na bilingguwal sa mga lokasyon kung saan sila ay pinakamahusay na makapaglilingkod sa mga botante. Kung walang sapat na bilingguwal na Manggagawa para sa Halalan para sa bawat wika upang maging kawani sa bawat Sentro ng Pagboto sa buong County, tutukuyin natin ang paglalagay ng mga bilingguwal na Manggagawa para sa Halalan sa mga Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa mga lugar na tinukoy bilang higit na nangangailangan ng suporta sa bawat wika. Ang bilang ng mga bilingguwal na Manggagawa sa Halalan ay pagpapasiyahan 60 na araw bago ang halalan. Sa karaniwan, mayroon kaming 2 hanggang 5 mga bilingguwal na Manggagawa sa Halalan. Sa panahong iyon, isang pagsusuri ang isasagawa para malaman kung ilang mga Sentro ng Pagboto ang malapit sa mga tinukoy na presinto. Itatalaga ang mga Bilingguwal na Manggagawa sa Halalan sa naaayon.

## Pagsasaalang-alang Ukol sa Paglalagay ng mga Sentro ng Pagboto

Ang ROV ay gumagamit ng 14 na pamantayan tulad ng iniutos ng Voter's Choice Act gaya ng ipinakita sa ibaba.

Ang mga pamantayang ito ay:


1. Malapit sa pampublikong transportasyon
2. Malapit sa mga komunidad na mababa ang paggamit sa pagboto sa koreo
3. Malapit sa mga sentro para sa populasyon
4. Malapit sa mga komunidad ng mga minoridad ang wika
5. Malapit sa mga botanteng may kapansanan
6. Malapit sa mga komunidad na may mababang antas ng pagmamay-ari ng sasakyan
7. Malapit sa mga komunidad na may mababang kita
8. Malapit sa mga komunidad na may mababang antas ng pagpaparehistro ng botante
9. Malapit sa mga populasyon na heyograpikong nakahiwalay, kabilang ang mga reserbasyon ng mga Katutubong Amerikano
10. Nadadaanan at libre ang paradahan
11. Distansya at oras ng paglalakbay patungo sa Sentro ng Pagboto at mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota
12. Ang pangangailangan para sa mga alternatibong pamamaraan para sa mga botanteng may kapansanan kung saan ang mga balota mula sa pagboto sa koreo ay hindi magagamit
13. Ang mga pattern ng trapiko malapit sa Sentro ng Pagboto at mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota
14. Ang pangangailangan para sa mga mobile na Sentro ng Pagboto

Ang datos na nakolekta mula sa ilang magagamit na mapagkukunan (hal., Survey ukol sa Komunidad ng mga Amerikano, Database ng mga Botante ng ROV, mga hintuan ng bus ng A.C. Transit, mga Istasyon ng Bart) ay ginagamit upang mabilang ang ilan sa mga pamantayang ito.

Ikinukumpara ng ROV ang potensyal na lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa mga suson ng mapa na nagpapakita ng heyograpikong lokasyon ng mga populasyon at mga komunidad na nabanggit sa mga

pamantayan upang tiyakin na mabibigyan ang mga komunidad na iyon ng karampatang mga Sentro ng Pagboto.

Ginagamit ng County ng Alameda ang pamantayan sa itaas kasama ng Center for Inclusive Democracy Vote Center Siting Tool upang tukuyin ang mga pinakamahuhusay na lokasyon para sa mga Sentro ng Pagboto. Isinasaalang-alang ng kasangkapang ito ang iniaatas na pamantayan at tinutukoy ang mga maiinam na lugar para sa paglalagay ng mga Sentro ng Pagboto. Tingnan ang larawan sa ibaba.




Bilang karagdagan sa kasangkapan, ang ating seksyon para sa pagmamapa ay lumilikha ng mga paglalatag na nagpapakita ng mga buffer zone na may 1 milya sa paligid ng bawat Sentro ng Pagboto. Ito ay upang makatulong na tiyakin na karamihan sa mga botante ay hindi kailangang bumiyahe nang higit sa 1 milya upang makarating sa isang Sentro ng Pagboto. Ang mga karagdagang paglalatag ay ibinibigay na nagpapakita ng lugar na may 10,000 mga botante, na makakatulong sa pagtitiyak na tayo ay makakapagbigay ng sapat na bilang ng mga Sentro ng Pagboto sa mga lugar na iyon. Tingnan ang larawan sa ibaba.



Ang mga opinyon mula sa publiko ay isinasaalang-alang din sa prosesong ito. Ang ROV ay nagdaragdag ng kahalagahan sa kalapitan sa mga komunidad na may dating mababang antas ng pagpaparehistro ng botante at paggamit ng Pagboto sa Koreo, dahil ang mga komunidad na ito ay mas malamang na boboto nang personal o sasamantalahin ang Kondisyunal na Pagpaparehistro ng Botante na mayroon sa bawat Sentro ng Pagboto. Isinasaalang-alang din ang laki ng lugar para sa pagboto, ang magagamit na libreng paradahan at ang pagiging pamilyar ng mga botante sa lokasyon.

Ang ROV ay naging maingat upang tiyakin na ang mga karagdagang lokasyon para sa pagboto ay ilalagay sa mga lugar ng mga komunidad na kulang sa serbisyo at mga lugar na may mataas na bilang ng mga botante.

**Bumubuo sa mga Manggagawa sa Halalan**

Ang ROV ay kumukuha ng mga Manggagawa sa Halalan (tinukoy ng Kodigo ng Halalan bilang Mga Lupon ng Halalan) upang tumao sa mga Sentro ng Pagboto.

May pagsisikap na kumuha ng maraming Bilingguwal na Manggagawa para sa Halalan hangga't maaari upang suportahan ang pangangailangan sa wika ng County. Kasama sa mga pagsisikap ang patalastas sa Patnubay na Impormasyon sa Botante, mga Anunsiyo ng County, Website ng County, sa pamamagitan ng Language Accessible Advisory Committee, website ng ROV, social media, mga kaganapan sa komunidad, mga pahatid sa mga botante, paglathala sa mga balita, at mga tuwirang

mailer. Ang bumubuo sa mga Manggagawa para sa Halalan ay isang kumbinasyon ng mga empleyado ng County at mga boluntaryong binabayaran ng *stipend*. Ang mga Manggagawa para sa Halalan ay sinanay batay sa kanilang atas at hinirang upang maglingkod nang hanggang sa labing-isang (11) araw, batay sa kanilang kakayahang magtrabaho. Ang plano ay magkaroon ng hanggang siyam (9) na Manggagawa para sa Halalan sa bawat Sentro ng Pagboto.

**<u>Elektronikong Libro para sa Halalan (Electronic Pollbooks, E-Pollbooks)</u>**

Upang epektibong maipatupad ang mga pagbabago sa ilalim ng Voter's Choice Act (VCA), ang mga Sentro ng Pagboto ay nilagyan ng mga Elektronikong Libro para sa Halalan (E-Pollbook) (Kodigo ng Halalan §2183). Ang E-Pollbook ay ang kumbinasyon ng elektronikong hardware at software na ginagamit upang matiyak ang ligtas na elektronikong komunikasyon sa pagitan ng mga Sentro ng Pagboto at ng Sistema sa Pamamahala ng Impormasyong mula sa Datos (Data Information Management System, DIMS) ng ROV. Ang ROV DIMS pagkatapos ay magbibigay ng impormasyon sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng VoteCal. Ang VoteCal ay ang sentralisadong database ng pagpaparehistro ng mga botante sa buong estado na nakikipag-ugnayan at nakikipagpalitan ng datos sa mga sistema ng pamamahala ng halalan sa county. Gumagana ang bagong teknolohiyang VCA na ito sa isang tablet na "HARDENED," na ang ibig sabihin ay ang tanging ang sinertipika ng SOS na E-Pollbook software lamang ang magagamit sa kagamitan na ito.

Ang mga E-Pollbook ay naglalaman ng isang elektronikong listahan ng mga rehistradong botante (Roster Index) na maaaring dalhin at gamitin sa mga Sentro ng Pagboto. Ang Roster Index ay ang opisyal na listahan ng lahat ng mga rehistradong botante na karapat-dapat na bumoto sa halalan. Pangunahing ginagamit ito upang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat ng isang botante na makatanggap ng isang balota at makuha ang kasaysayan ng botante nang malapit sa kasalukuyang oras upang maiwasan ang dobleng pagboto.

Ang mga E-Pollbook ay pinapanatili sa isang ligtas, nakakandado at hindi nababasang lalagyan at inilagay ulit sa loob ng isang pangalawang ligtas na lokasyon. Sa mga oras ng pagpapatakbo, ang datos na nakatago sa mga yunit na ito ay patuloy na isinasapanahon. Ang mga E-Pollbook ay may nakaprogramang user access na nagpapahintulot sa mga awtorisadong gagamit lamang na mag-log in gamit ang isang ligtas na koneksyon sa isang ligtas na cloud server. Pinapanatili ng cloud server na ito ang database at koneksyon sa Sistema sa Pamamahala ng Impormasyong mula sa Datos ng ROV para sa paghahatid ng anumang mga pagsasapanahon sa datos ng botante.

Ang mga E-Pollbook ay maaaring gamitin upang kumpirmahin ang datos ukol sa pagpaparehistro ng botante, kabilang ang pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan, napiling wika, kinakatigang partido, presinto, at katayuan ng Pagboto sa Koreo. Higit pa rito, hindi kailanman itinatago ng mga E-Pollbook ang mga sumusunod na impormasyon ng botante: numero ng lisensya sa pagmamaneho o anumang pantukoy na isang numero ng panlipunang seguridad. Ang mga E-Pollbook ay nagbibigay ng malapit sa kasalukuyang oras na paghahanap at impormasyon ukol sa katayuan ng botante; na kung tutuusin, ay lumilikha ng isang mas mahusay na karanasan sa pagboto para sa parehong mga botante at mga Manggagawa para sa Halalan ng ROV.

## Outreach

*Mga Pampublikong Konsultasyon*

Ang edukasyon ng botante at mga layunin sa malawakang pag-abot para sa pampublikong opinyon tungkol sa EAP sa ilalim Voter's Choice Act ng County ng Alameda ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Mga Potensyal na lokasyon ng Sentro ng Pagboto
- Mga Potensyal na Lokasyon para sa Paghulog ng Balota
- Iba't-ibang pangangailangan ukol sa paggamit ng wika
- Mga alternatibong pamamaraan para sa kadalian sa pag-akses para sa mga botante
- Mga mungkahi para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pamamagitan ng media at mga kaganapan
- Mga Anunsiyong Serbisyo Publiko na nagtatampok ng mga opsyon sa mga Sentro ng Pagboto, kasama ang:
    - Mga Ads sa Radyo at T.V. Ads na pumupuntirya sa lahat ng komunidad
        - Base sa pananampalataya, nakatatanda, wika, may kapansanan, walang tirahan, kulang sa serbisyo, kabataan, at mga grupo na may adbokasiya
    - Pakinabangan ang ating mga katambal galing sa lahat ng mga komunidad para sa pinakamahusay na kasanayan
    - Mga News releases, social media outlets, lahat ng mga organisasyon sa komunidad, mga kaganapan sa komunidad, at sa pamamagitan ng Pangkat ng ROV sa Edukasyon ng Botante at Outreach
- Ang Toll-Free hotline (1-800-834-6454) ay magagamit para sa lahat ng wikang kinakailangan, at ang impormasyong kaugnay nito ay makikita sa Patnubay na Impormasyon sa Botante, direct mailers, mga inserts sa Balota sa Pagboto sa Koreo, mga newsletter ng komunidad, at media outlets.

Alinsunod din sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado at Seksyon 4005 ng Kodigo ng mga Halalan, pagkatapos ng dalawang (2) taon at tuwing ika-apat (4) na taon ng pagtitibay ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan.

Gagawin ng ROV ang mga sumusunod na hakbang:
Hakbang 1: Ilathala ang Burador ng EAP para sa isang 14-araw na panahon ng komentaryo
Hakbang 2: Mag-isyu ng 10-araw na paunawa ng pampublikong pagdinig
Hakbang 3: Magsagawa ng isang pampublikong pagdinig sa EAP
Hakbang 4: Ilathala ang isang sinusugang burador ng EAP para sa isang 14-araw na panahon ng komentaryo
Hakbang 5: Isumite ang panghuling EAP sa SOS para sa pag-apruba
Hakbang 6: Kapag inaprubahan na ng SOS ang panghuling plano sa edukasyon at outreach, ilalagay ng ROV ang isang accessible version ng EAP sa bawat wikang sakop sa ilalim ng Kodigo ng Halalan §14201 at Section 203 ng Batas sa mga Karapatang Pagbotong Pederal ng 1965 sa website ng county.

*Mga Direktang Tagahatid*

Sa pamamagitan ng dalawang direktang tagahatid, aabisuhan ang publiko na ang lahat ng mga botante ay makatatanggap ng Balota para sa Pagboto sa Koreo. Ipapaalam ng mga paunawa sa mga botante na isasagawa ang isang ipinakokoreong halalan sa balota at ang mga botante ay maaaring magbalik ng kanilang balota sa isa sa apat na paraan: sa pamamagitan ng koreo (bayad ang selyo), sa alinmang Lokasyon para sa Paghuhulog ng Balota, 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota, o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa County. Kasama rin sa mga paunawa ang mga numero ng telepono at address ng website kung saan magkakaroon ng akses ang mga botante sa mga sumusunod na impormasyon: mahahalagang petsa, mga lokasyon ng pagboto, oras ng operasyon para sa mga Sentro ng Pagboto, mga lokasyon ng 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota, mga Lokasyon para sa Paghuhulog ng Balota, at ang takdang huling-araw para sa paghingi ng kahaliling Balota para sa Pagboto sa Koreo. Ang karagdagang impormasyon na ibibigay sa mga direktang tagahatid ay kinabibilangan ng mahahalagang impormasyon ukol sa Sentro ng Pagboto at mga detalye ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County. Ang mga paunawa ay magbibigay din sa mga botante ng link patungo sa website ng ROV, mga numero ng telepono, at ang walang bayad na hotline na maaaring hingan ng tulong na 1(800) 834-6454.

Ang unang direktang tagahatid ay magpapadala sa koreo sa humigit-kumulang na 90 araw bago ang halalan, na susundan ng susunod na hanay na ipapadala sa koreo sa humigit-kumulang na 29 araw bago ang halalan. Ang lahat ng mga pampublikong paunawa at impormasyon na nauugnay sa VCA ay ilalathala sa website ng ROV sa isang accessible na pormat.

*Language Accessibility, Mga Komiteng Tagapayo para sa Kadalian ng Pag-akses sa Pagboto, at Edukasyon para sa Botante at Komite sa Outreach*

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay nagtaguyod ng Tagapayong Komite para sa Kadalian ng Pag-akses sa Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee, VAAC) noong Setyembre 2001 at nagtaguyod ng Tagapayong Komite para sa Kadalian ng Pag-akses sa Wika (Language Accessibility Advisory Committee, LAAC) noong Pebrero 2012, at nagkaroon ng patuloy na pakikipagtulungan sa Liga ng mga Babaeng Botante sa loob ng mahigit na 30 taon. Nagtatag din ang ROV ng Voter Education and Outreach Advisory Committee(VEOAC) upang palawakin ang kanilang programa sa edukasyon ng botante at magbigay sa ROV ng ideya mula sa perspektibo ng komunidad sa pag-unlad ng aming mga pagsisikap at bigyang-pansin ang mga bahagi kung saan kinakailangan ang pagpapahusay. Ipinaaalam din ng komite sa mga residente ang tungkol sa VCA at mga oportunidad para sa paglahok sa komunidad. Habang binabalangkas ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang Plano para sa Pangangasiwa ng Halalan para sa isang modelong halalan ng Sentro ng Pagboto, patuloy tayong makikipagtulungan sa ating mga katuwang sa komunidad upang makakuha ng mungkahi na nauukol sa pagpapatupad ng Plano para sa Pangangasiwa ng Halalan para sa County ng Alameda. Upang maging bahagi ng LAAC, VAAC, o VEOAC, mag-email sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa vca@acgov.org. Ang VAAC at ang LAAC ay nagpupulong bawat tatlong buwan. Ang mga pagpupulong ay tumatagal ng isang oras.

## Bahagi 2 – Plano sa Edukasyon ng Botante at Malawakang Outreach

Ang Voter's Choice Act (VCA) ay nag-uutos sa alinmang county na nagpapatupad ng modelo ng halalan ng VCA, na magpatupad din ng plano sa edukasyon ng botante at malawakang outreach na nagpapasabi

sa mga botante ng tungkol sa mga probisyon ng VCA. Higit na partikular, ang batas ay nag-uutos din ng naka-target na outreach sa mga botante na pangunahing nagsasalita ng isang wika na bukod pa sa English, gayundin sa mga botante na may mga kapansanan, upang maturuan ang lahat ng mga komunidad ukol sa mga serbisyong magagamit.

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Alameda ay may umiiral nang programa ng malawakang pag-abot o outreach na kumikilos buong taon upang panatilihin ang presensya sa komunidad. Kasama sa mga pagsisikap ng malawakang outreach ang pagbibigay ng mga serbisyo sa edukasyon at pagpaparehistro ng botante, mga anunsiyong serbisyo publiko, pagdalo sa mga kaganapan, pakikipagpulong sa mga grupo para sa kadalian sa pag-akses ng botante, mga grupo para sa wika, mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga organisasyong nakabase sa pananampalataya, at mga estudyante sa mataas na paaralan. Isasama ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang mga workshop para sa edukasyon ng botante ukol sa Batas para sa Botante kaugnay ng Pagpili sa County ng Alameda sa kasalukuyan nitong programa para sa malawakang outreach. Ang mga workshop ay binubuo ng isang pangkalahatang-ideya ng Voter’s Choice Act, isang repaso ng mga sentro ng tulong sa botante at mga lokasyon ng kahong paghuhulugan, at hands-on na pagpapakita ng paggamit ng makina sa pagboto. Binabalangkas ng seksyon ng Edukasyon ng Botante at Outreach na ito ng EAP kung paano gagamitin ng ROV ang kanilang mga kasalukuyang pamamaraan ng malawakang outreach at isasama ang mga ito sa mga bagong pamamaraan sa pag-abot ng mga komunidad upang turuan ang publiko tungkol sa VCA. Ang mga aktibidad sa malawakang outreach ay dinisenyo nang may layunin na pataasin ang mga pakikipagsosyo sa komunidad, palawakin ang mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayang pangsibiko, at pabutihin ang karanasan ng botante sa mga modelo ng halalan ng Sentro ng Pagboto.

Ang mga aktibidad ay nakalista sa mga seksyon ng edukasyon ng botante at malawakang outreach sa botante sa ibaba.

Edukasyon ng Botante:
- Turuan ang lahat ng mga komunidad ng botante na ang Voter’s Choice Act ay nagbibigay-daan sa personal na pagboto, mas maraming opsyon, mas maraming araw, at mas maraming lokasyon para sa pagboto
- Makipagtulungan kasama ng lahat ng mga organisasyon (nakabase sa komunidad, mga may kapansanan, nakabase sa pananampalataya, wika, mga nakatatanda, at mga kabataan)
- Magbigay ng pagsasanay
- Turuan ang mga batang botante (na nasa mataas na paaralan at kolehiyo) upang hikayatin ang kanilang pakikilahok sa mga parating na mga Siklo ng Halalan na isasagawa sa ilalim ng modelo ng halalan ng VCA

Malawakang Outreach sa Botante:
- Tutukan ang lahat ng mga komunidad upang mapataas ang rehistrasyon ng botante
- Magbigay sa mga grupo sa komunidad ng mga isinaling materyal sa pag-abot upang ipamahagi sa mga botante
- Magsagawa ng mga huwad na halalan at pagpapakita ng mga nagagamit na makina sa pagboto sa lahat ng mga grupo (VAAC, LAAC, Mga Nakatatandang Mamamayan, at mga mag-aaral sa mataas na paaralan)

- Magbigay ng mga polyeto na may impormasyon ukol sa mga sagot sa mga madalas na tanong tungkol sa VCA
- Magsagawa ng malawakang outreach at mga kaganapang pang-edukasyon na kinabibilangan ng Ballot Drop Stop Tours at mga serbisyo ng ACVOTE On The Go
- Panatilihin ang presensya sa komunidad sa pamamagitan ng pagdalo sa mga pagdiriwang sa kalye, mga pampublikong kubol, mga pamilihan ng mga magsasaka, mga espesyal na kaganapan kapag hiniling, mga kaganapan sa pagbabantay sa kapitbahayan, mga kaganapan ng organisasyong nakabase sa komunidad, at mga kaganapan ng organisasyong nakabase sa pananampalataya.

Kasunod ng pinal na paglimbag ng EAP, magsasagawa ang Tanggapan ng mga Tagapagrehistro ng mga Botante ng mga voter education workshop upang magbigay ng kaalaman sa sentro ng pagboto at halalan para sa bawat pederal at estadong mandatong wika ng County ng Alameda. Ang mga wikang sakop ng batas pederal ay English, Chinese, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Ang mga wikang sakop ng batas ng estado ay Burmese, Hindi, Khmer, Korean, Laotian, Mien, Mongolian, Punjabi, at Telugu. Sakop ng bawat workshop ang impormasyon tungkol sa modelo ng sentro ng pagboto, pangkalahatang-ideya ng makina sa pagboto/pagpapakita, mga serbisyo sa tulong sa wika, mga opsyon sa ballot drop-off, at mga pamamaraan upang humiling ng isinaling mga materyales sa halalan. Ipahahayag ang impormasyon tungkol sa mga workshop 10 araw man lamang bago ang petsa at ibabahagi sa LAAC, VAAC, VEOAC, at mga organisasyon ng komunidad ng wika.

**Seksyon 1: Pakikipag-ugnayan sa Botante – Pangkalahatan**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay patuloy na magkakaroon ng presensya sa komunidad sa publiko at sa lahat ng mga komunidad habang nagbibigay ng edukasyon sa botante tungkol sa VCA. Gagamit ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng mga media at digital na plataporma upang ipaalam sa mga komunidad ng mga minoridad ang wika tungkol sa paparating na mga halalan, isusulong ang walang bayad na hotline na maaaring hingan ng tulong ng mga botante, ipapaalam sa mga botante ang Remote Accessible Vote by Mail, at ang proseso para sa paghingi ng balota para sa Pagboto sa Koreo.

Sa pagitan ng Enero 2022 at Abril 2023, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay dumalo sa 171 na mga kaganapang nakabase sa komunidad upang magbigay ng edukasyon at malawakang pag-abot sa botante, at upang malaman ang tungkol sa gawaing ibinigay ng bawat komunidad. Ang layunin ay makipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad at sa lahat ng mga komunidad upang tiyakin ang isang matagumpay na programa para sa edukasyon ng botante.

*Paggamit ng Media*

Magbibigay ang ROV ng impormasyon tungkol sa mga modelo ng halalan ng Sentro ng Pagboto, sa proseso ng Pagboto sa Koreo, mga opsyon sa maagang pagboto, at mga pagkakataong magtrabaho sa isang Sentro ng Pagboto sa isang nakapunto na kampanyang media. Kasama sa mga pagkakataon para sa mga media outlet, ngunit hindi limitado, ang mga sumusunod:

| **Telebisyon** | **Wika** |
|---|---|
| Comcast | English |
| PBS / KQED | English |
| Epoch Times/ NTD TV | Chinese |

| | |
|---|---|
| KTSF26 | Chinese/Tagalog |
| Sky Link TV | Chinese |
| TVB USA | Chinese |
| Crossing TV | Chinese, Tagalog, Hindi/Punjabi, Vietnamese |
| Univision | Spanish |
| Telemundo | Spanish |
| Estrella TV | Spanish |
| ABS-CBN News | Tagalog |
| SBTN | Vietnamese |
| Nguoi Viet TV | Vietnamese |
| Truyen Hinh Cali Today | Vietnamese |
| Namaste TV | Hindi |

| **Mga Pahayagan at Mga Newsletter** | **Wika** |
|---|---|
| India West | English |
| The Mercury News | English |
| East Bay Times | English |
| East Bay Express | English |
| The Oakland Post | English |
| The Daily Californian (UC Berkeley) | English |
| Pioneer (CSU Hayward) | English |
| The Independent | English |
| Alameda Sun | English |
| Oakland Tribune | English |
| El Cerrito wire | English |
| The Pleasanton Weekly | English |
| The Express (Las Positas College) | English |
| The Reporter (College of Alameda) | English |
| The Citizen (Peralta Community College District) | English |
| Campanil (Mills College) | English |
| World Journal | Chinese |
| Sing Tao Daily | Chinese |
| Epoch Times | Chinese/English/Vietnamese |
| Herald Monthly | Chinese |
| El Observador | Spanish |
| Vision Hispana | Spanish |
| Mixteco Indigena Community Organizing Project | Spanish |
| Philippine News Today | Tagalog |
| Asian Journal | Tagalog |
| Thang Mo | Vietnamese |
| Nguoi Viet Daily News | Vietnamese |
| India Currents | Hindi |
| Korea Times SF | Korean |
| Korean Hyundae Weekly | Korean |

| **Radyo** | **Wika** |
|---|---|
| KBAY/KEZR | English |
| KALX (Berkeley) | English |
| KCRH (Hayward) | English |
| KQED-FM | English |
| KKSF (Oakland) | English |
| KNEW (Oakland) | English |
| KPFB (Berkeley) | English |
| KOHL (Fremont) | English |
| KPFA (Berkeley) | English |
| KKIQ (Livermore) | English |
| KBLX-FM (Berkeley) | English |
| KALW | English |
| Sound of Hope | Chinese |
| Sing Tao Chinese / KVTO (Berkeley) | Chinese |
| KEST AM1450 | Chinese |
| Univision | Spanish |
| KSFN (Piedmont) | Spanish |
| KMKY (Oakland) | Hindi, Punjabi |
| Korean American Radio | Korean |

**Social Media**

ACVOTE Facebook www.facebook.com/acvote
County ng Alameda Facebook
ACVOTE Twitter www.twitter.com/acvote
County ng Alameda Twitter
ACVOTE Instagram
www.instagram.com/acvote
Mga listahan ng County para sa pagsubaybay sa balita (County newsfeed subscription lists)
ACVOTE YouTube www.youtube.com i-search ang ACVOTE
www.ACVOTE.org Website
ACGOV.org Website

Ang ROV ay nagpapakalat din ng impormasyon sa mga Istasyon ng BART, mga bus ng A.C. Transit, at sa mga digital na billboard na makikita sa buong County ng Alameda.

Ang ating tanggapan ay magtutuon ng pansin sa pagbabahagi ng mga materyal sa mga grupo tulad ng mga katuwang ng komunidad, mga organisasyong nagtataguyod sa may mga kapansanan, mga inihalal na opisyal, mga espesyal na distrito, mga distrito ng paaralan, mga organisasyong nakabase sa komunidad, at mga organisasyong nakabase sa pananampalataya sa buong County nang buong taon. Ang impormasyon ay makikita sa aming website at sa inilimbag. Ang ROV ay magpapatuloy sa paghahanap ng mga bagong tanggapan ng media na gagamitin upang turuan ang mga botante.

Gagamit ang ROV ng audio at visual media na malawak na ipapamahagi sa mga naa-akses na pormat upang ipaalam sa mga botante ang bawat paparating na halalan. Ang layunin ay ang maabot ang lahat ng mga botante ng county, kabilang ang mga botante na may mga kapansanan tulad ng mga bingi, may kapansanan sa pandinig, mga bulag at may kapansanan sa paningin.

**Presensya sa Komunidad at mga Materyal para sa Edukasyon ng Botante**

Nakikilahok ang ROV sa daan-daang mga kaganapan sa komunidad sa buong taon. Upang makatulong sa ating presensya sa komunidad, magbibigay tayo ng mga materyal pang-edukasyon na kinabibilangan ng mga polyeto, mga link patungo sa ating website, at mga polyeto tungkol sa VCA. Ipapaalam ng ROV sa mga botante ang kanilang mga opsyon sa pagboto, magbibigay ng mga demonstrasyon sa Sentro ng Pagboto tungkol sa magagamit na makina sa pagboto, Ballot On Demand, at Patnubay na Impormasyon para sa Botante tuwing kinakailangan. Ang mga materyal sa wika ay ibibigay sa mga kinakailangang wika. Maaaring humiling ng mga Klase para sa Pagpaparehistro ng Botante sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ating tanggapan o pagpunta sa ating website. Ang ROV ay patuloy na makikipagpulong sa mga katuwang ng komunidad sa buong County upang talakayin at tukuyin ang mga pinakamahusay na paraan upang ipaalam sa mga komunidad ang anumang paparating na pagbabago at upang pataasin ang pakikilahok ng mga botante. Ibibigay ang mga materyal sa pagtuturo, at ang mga empleyado ng ROV ang mamamahala sa edukasyon ng botante tungkol sa VCA.

Ang mga Materyal para sa Presensya sa Komunidad at Edukasyon ng Botante ay ibibigay sa mga katuwang na nakabase sa komunidad:

- CIL (Center for Independent Living)
- CRIL (Community Resources for Independent Living)
- Mga Komunidad ng mga may Kapansanan
- Mga Komunidad na Nakabase sa Pananampalataya
- Komiteng Tagapayo para sa Kadalian ng Pag-akses ng Botante sa Wika
- Mga Komunidad ng LGBTQ+
- LWV (League of Women Voters)
- Mga Pampublikong Kaganapan/Mga Espesyal na Kaganapan
- Senior Communities
- Mga Kulang sa Serbisyo
- Mga Walang Tahanan
- USCIS (United States Citizenship and Immigration Services)
- Komiteng Tagapayo para sa Kadalian ng Pag-akses sa Pagboto
- Mga Komunidad na nakabase sa mga Kabataan (na nasa mataas na paaralan at kolehiyo)

**Mga Direktang Pagpapadala**

Makikipag-ugnayan ang ROV sa bawat rehistradong botante sa County ng Alameda sa dalawang (2) magkahiwalay na pagpapadala ng koreo upang ipaalam sa mga botante ang modelo ng pagboto sa ilalim ng Voter's Choice Act, ang paparating na halalan, at para isulong ang walang bayad na hotline na maaaring hingan ng tulong ng mga botante - 1(800) 834-6454. Ang mga pagpapadala ay magbibigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa bagong modelo ng halalan at mga opsyon para sa pagboto sa mga paparating na halalan. Mahahanap ng mga botante ang karagdagang impormasyon tungkol sa anumang mga pagbabago at isang link kung saan nila maa-akses ang mga petsa, mga lokasyon, at mga oras kung kailan magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto at mga Lokasyon para sa Paghulog ng Balota. Ang bawat ipapadala ay isasalin sa apat (4) na wika, depende sa napiling wika ng mga botante, na

ipapamahagi sa mga rehistradong botante na pumili ng isang wika na bukod pa sa English. Nagbibigay ang ROV ng mga tagubilin sa iba't-ibang wika para sa mga botanteng may kahirapan sa kasanayan sa English upang isapanahon ang kanilang kagustuhang wika sa likod ng Direct Mailer, sa Patnubay na Impormasyon sa Botante, pakete sa Pagboto sa Koreo, sa social media, at online sa pamamagitan ng Voter Profile Ko.

Lahat ng mga rehistradong botante ay padadalhan sa koreo ng isang libreng-selyong postcard sa kanilang Patnubay na Impormasyon sa Botante kung saan sila makakahiling ng isang Balota sa Pagboto sa Koreo sa isang accessible format at humiling ng mga materyales ng halalan sa alternatibong wika ayon sa §14201 ng Kodigo ng mga Halalan ng California at §203 ng federal Voting Rights Act. Kasama sa Patnubay na Impormasyon sa Botante at sa website ng ROV ang mga tagubilin para sa pagkumpleto at pagbalik ng postcard.

**Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon ng Botante sa Website ng ROV**
Ang lahat ng mga materyales para sa edukasyon ng botante sa malawakang outreach ng ROV, kabilang ang mga impormasyon tungkol sa Voter's Choice Act, ay ginawang magagamit sa elektronikong pormat sa website ng ROV sa wikang English, Chinese, Espanyol, Tagalog at Vietnamese. Ang website ng ROV ay magkakaroon ng mga sumusunod na impormasyon:

- Pangkalahatang Impormasyon tungkol sa VCA
- Mga araw at oras ng Sentro ng Pagboto at mga lokasyon ng 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota
- Walang bayad na tulong ng ROV para sa mga botante
- hotline 1-800-834-6454 at 510-267-8683 (VOTE)
- Plano para sa Pangangasiwa ng Halalan
- Mga materyales para sa promosyon ng VCA
- Mga pang-edukasyon na video at presentasyon ng VCA
- Mga Iskedyul ng Malawakang Outreach at Workshop
- Pagkakaroon ng harap-harapan na tulong ukol sa wika sa bawat Sentro ng Pagboto

**<u>Seksyon 2: Pagkontak sa Botante – Mga Komunidad na Minoridad ang Wika</u>**
Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nagtatag ng isang Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) upang makapangalap ng mga opinyon mula sa mga itinalagang komunidad ng wika ukol sa mga paraan kung paano na ang isang modelo ng halalan sa Sentro ng Pagboto ay lalo pang mahusay na makapaglingkod sa mga botante na ang pangunahing ginagamit na wika ay hindi English. Ang ROV ay makikipagpulong sa mga miyembro ng komite sa wika na magbibigay ng mga komento sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, mga katangian, at mga serbisyo na ibibigay pa, o kailangang ibigay na. Patuloy na magpupulong tuwing ikatlong buwan ang komiteng ito bilang daan upang makinig, at magtrabaho kasama ang komunidad. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa petsa ng mga pulong, kung paano dumalo, makilahok, at/o sumali sa LAAC, bumisita sa aming website sa www.acvote.org.

*Pagtutukoy ng mga Komunidad na Minoridad ang Wika*
Ang mga komunidad na minoridad ang wika ay maaaring matukoy batay sa hiniling na mga gustong wika ng mga rehistradong botante ng County ng Alameda. Gamit ang mga naturang impormasyon, nang kasabay ang mga impormasyon mula sa census at iba pang mga impormasyong pang-demograpiko na nakukuha ng publiko, isinasaayos ng ROV sa mapa ang mga nangingibabaw na lugar batay sa wika.

Dagdag pa rito, bago ang  Siklo ng Eleksyon para sa Pagka-Gobernador ang Kalihim ng Estado ay magbibigay sa mga county ng mga datos na magkukumpirma kung aling mga presinto ang may mas marami pa sa 3% (Kodigo ng Halalan §14201) ng isang solong minoridad ang wika. Pagkatapos nito, ang naturang impormasyon ay ilalatag ng ating seksyon sa pagmamapa upang madetermina kung aling mga lugar ng county ang nangangailangan ng tulong sa wika.  Ang outreach ay itutuon papunta sa pagtatarget ng mga lokasyong ito bilang bahagi ng planadong edukasyon ng botante at outreach. Nangangalap din ang ROV ng mga input mula sa iba't ibang mga komunidad na minoridad ang wika upang matukoy ang mga pangangailangan sa wika, mga paraan ng outreach, at mga kaganapang pang-komunidad na maaaring maging kapaki-pakinabang na daluhan.

*Paglilingkuran na mga Komunidad na Minoridad ang Wika*

Ang ROV sa kasalukuyan ay nagbibigay ng mga serbisyo sa labing-apat (14) na wika, kabilang ang English. Limang wika ang pederal na ipinag-uutos: English, Chinese, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Siyam na wika na mandato ng Estado: Burmese, Hindi, Khmer, Korean, Laotian, Mien, Mongolian, Punjabi, at Telugu. Ang karatula sa 24-oras na Kahong Paghuhulugan ng Balota at ang mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (County Voter Information Guides, VIGs) ay makikita sa mga iniaatas na wika. Batay sa pagmamapa at sa pagtatarget ng mga tukoy na komunidad ng wika, ang ROV ay maglalayon na isalugar ang naaangkop na suporta sa wika sa pamamagitan ng mga Manggagawa para sa Halalan na bilingguwal sa iba't ibang mga komunidad. Kapag pinal na ang paglalagay ng mga kawani sa Sentro ng Pagboto, maglalagay ang ROV ng impormasyon sa website ng ROV kaugnay ng pagkakaroon ng personal na tulong para sa wika sa bawat Sentro ng Pagboto.
Humihingi ng input ng publiko ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa pamamagitan ng aming website, aming mga language based partner, mga workshop ng ROV, at sa pamamagitan ng lokal ng mga hurisdiksyon.

*Workshop para sa Edukasyon ng Botante sa mga Komunidad na Minoridad ang Wika*

Ang ROV ay magsasagawa nang hindi bababa sa isang (1) workshop para sa edukasyon ng botante na bilingguwal para sa mga bawat wikang nabanggit. Ang mga workshop ay magbibigay ng pagkakataon para sa mga komunidad na may ibang wika na nasa County ng Alameda upang makatanggap ng mga impormasyon tungkol sa mga proseso ng modelo ng halalan sa Sentro ng Pagboto dagdag pa sa mga materyales at tulong na makukuha sa bawat tinukoy na wika. Kasama sa mga paksa ang pagtuturo kung paanong humiling at gumamit ng mga balotang facsimile, magagamit na mga materyales na isinalin sa wika, magagamit na mga serbisyo sa pagsasalin sa wika at kung paano maaaring hilingin ng mga botante ang mga ito. Ang ROV ay gagamit ng mga opinyon mula sa mga miyembro ng Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) upang mapili ang lugar kung saan gaganapin ang workshop at ang mga petsa. Lahat ng workshop ay magkakaroon ng mga magsasalitang tagapagsalin o interpreter na tukoy para sa isang partikular na wika upang masuportahan ang mga dadalo.

*Paggamit ng Media sa Pag-target sa mga Komunidad na Minoridad ang Wika*

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay gagamit ng mga outlet ng media na binanggit sa Seksyon 1 (Paggamit ng Media) ng dokumentong ito upang makapagbigay ng impormasyon sa mga komunidad na minoridad ang wika tungkol sa mga magagamit na opsyon sa ilalim ng mga modelo ng halalan sa Sentro ng Pagboto gamit ang mga Anunsiyong Serbisyo Publiko sa radyo at telebisyon. Kasama sa mga uri ng media outlet na nakalista sa Seksyon 1 ay telebisyon, radyo, pahayagan, at social media.

- Ang mga Anunsyo ng Serbisyong Pampubliko sa radyo at telebisyon na nagtatampok ng mga opsyon sa aksesibilidad sa wika tulad ng mga isinaling materyales at serbisyo sa pagsasalin sa wika sa mga Sentro ng Pagboto ay kinabibilangan ng:
    - Mga Patalastas sa TV tinutukoy ang lahat ng labing-apat na komunidad ng wika
    - Pakinabangan ang ating mga katambal galing sa mga komunidad ng wika para sa pinakamahusay na kasanayan
    - Mga news letters ng komunidad, media outlets, mga organisasyon ng wika, mga kaganapan sa komunidad, at Language Accessibility Advisory Committee

- Ang Toll Free hotline (1-800-834-6454) ay makukuha sa lahat ng kinakailangang mga wika at ang impormasyong may kaugnayan dito ay makikita sa Patnubay na Impormasyon sa Botante, mga tuwirang mailer, mga inserts ng Balota sa Pagboto sa Koreo, mga news letters ng komunidad, at media outlets

*Mga Manggagawa para sa Halalan*

Upang madetermina ang komposisyon ng mga kawani ng Sentro ng Pagboto, ang ROV ay kukuha ng mga Manggagawa para sa Halalan (nang naaayon sa tinukoy sa Kodigo ng Halalan, Dibisyon 12, Artikulo 1 ng Kabanata 4 bilang mga Lupon para sa Halalan). Ang paglalagay ng mga kawani para sa mga Sentro ng Pagboto ay parehong ibabatay sa kalapitan sa Araw ng Halalan at sa laki ng Sentro ng Pagboto. Ang plano ay kumuha ng hanggang sa siyam (9) na mga Manggagawa para sa Halalan upang maging kawani ng bawat Sentro ng Pagboto.

Ang ROV ay kukuha ng mga manggagawa batay sa mga kinakailangang wika. Tatasahin ang mga Manggagawa para sa Halalan kaugnay ng kahusayan sa wika. Tatasahin ang nakaraang karanasan sa mga halalan sa Sentro ng Pagboto. Ang pangkat na nangangalap ng mga manggagawa ang magdedetermina ng pinaka-naaangkop na gagawin ng manggagawa batay sa karanasan sa mga halalan sa nakaraan at ang mga manggagawa ay tatalagaan ng mga gagampanan at tukoy na pagsasanay. Kung ang isang botante ay mangangailangan ng isang wika at walang Manggagawa para sa Halalan na nakakapagsalita ng naturang wika sa nasabing lokasyon, ang mga manggagawa ay tatawag sa ating mga linya para sa suporta sa wika sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante para sa tulong sa botante.

## Seksyon 3: Pagkontak sa Botante - Mga Botanteng May Kapansanan

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay mayroong matagal nang naitatag na Tagapayong Komite para sa Kadalian ng Pag-akses sa Pagboto (VAAC) upang humingi ng mga opinyon mula sa mga botanteng may kapansanan. Ang komiteng ito ay nagbibigay ng puna o opinyon sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, gayundin sa anumang katangian at mga serbisyong ibibigay pa at kailangang ibigay na. Ang komiteng ito ay magpapatuloy sa pagpupulong tuwing ikatlong buwan bilang pamamaraan upang marinig ang komunidad at makipagtulungan sa komunidad. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa petsa ng mga pulong, kung paano dumalo, makilahok, at/o sumali sa VAAC, bumisita sa aming website sa www.acvote.org.

*Mga Pamamaraan na Ginagamit Upang Matukoy ang mga Pangangailangan ng mga Botanteng May Kapansanan*

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay patuloy na tutugon sa mga pangangailangan ng mga botanteng may kapansanan sa buong County. Nagtayo ang ROV ng isang Voting Accessibility Advisory

Committee (VAAC) noong 2001 at napanatili ang ugnayan sa pakikipagtulungan. Ang ROV ay nakikipagtulungan sa VAAC para tukuyin ang mga pangangailangan ng mga botanteng may kapansanan na nauukol sa Voter's Choice Act sa County ng Alameda. Ang ROV ay nakatuon sa pagbabalik-aral sa mga rekomendasyon mula sa mga botante ng komunidad ng mga may kapansanan.

*Outreach para sa Komunidad ng May Kapansanan*

Dagdag sa pangkalahatang kampanya sa media, ang ROV ay nagbibigay ng impormasyon sa mga botante na may pangangailangan sa pagiging madaling ma-akses. Kasama dito ang mga impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng madaling ma-akses na mga kagamitan sa pagboto sa lahat ng Sentro ng Pagboto, gayundin ang mga opsyon sa paggamit ng sistemang Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM). Ang sistemang RAVBM ay maaaring gamitin ng lahat ng karapat-dapat na rehistradong botante.

Kabilang sa iba pang mga oportunidad upang magbigay ng impormasyon at maipaabot sa mga komunidad ng may kapansanan ang:

- Mga organisasyong nagbibigay serbisyo at suporta sa mga matatanda o mayroong mga kapansanan, tulad ng CRIL at The Ed Roberts Campus
- Mga katuwang sa komunidad, mga lungsod, espesyal na mga distrito, distrito ng mga paaralan, mga organisasyon batay sa pananampalataya, at iba't-ibang mga organisasyong nasa komunidad;
- Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC)

- Mga opsyon sa aksesibilidad na itinatampok sa pamamagitan ng isang taon na "Open House" para sa mga botante at mga Manggagawa sa Halalan upang maranasan ang aktwal na demonstrasyon gamit ang isang madaling maakses na makina sa pagboto:
    - Sa mga bukas na oras sa Tanggapan ng Tagapagrehisto ng mga Botante
    - Ang impormasyon ay makukuha sa www.acvote.org, sa Patnubay na Impormasyon sa Botante, at sa panahon ng mga kaganapan sa outreach
- Ang kasama sa mga Anunsyo ng Serbisyong Pampubliko sa radyo at telebisyon na itinatampok ang mga opsyon sa aksesibilidad sa mga Sentro ng Pagboto tulad ng mga madaling maakses na mga kagamitan at panustos ay:
    - Patalastas sa T.V. na may closed captions o American Sign Language para sa mga komunidad ng bingi at mahirap makarinig
    - Pakinabangan ang ating mga katambal galing sa mga komunidad ng may kapansanan para sa pinakamahusay na kasanayan
    - Mga anunsyong inilalarawan ng mga salita at hindi lamang umaasa sa mga imahe upang gawing accessible ang anunsyo sa serbisyong publiko para sa mga kasapi ng mga komunidad ng bulag at may kapansanan sa paningin
    - Mga news letters ng komunidad, media outlets, mga organisasyon ng may kapansanan, mga kaganapan sa komunidad, at Voting Accessibility Advisory Committee
- Ang Toll Free hotline (1-800-834-6454) ay makikita sa Patnubay na Impormasyon sa Botante, mga tuwirang mailer, mga inserts ng Balota sa Pagboto sa Koreo, mga news letters ng komunidad, at media outlets
- Ang mga botanteng bingi o hirap makarinig ay maaaring tumawag sa (510) 208-4967

*Mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan*

Lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay sumusunod sa Batas para sa mga Americans with Disabilities Act (ADA). Dagdag dito, ang mga Sentro ng Pagboto ay mayroong mga Ballot Marking Devices (BMD) na may mga katangiang alinsunod sa ADA upang hayaang makaboto ang mga may kapansanan nang malaya at pribado. Dagdag pa, ang Pagboto sa Gilid ng Daan ay magagamit sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto. Ang mga Botante na mas gustong bumoto ng may kaginhawahan sa loob ng kanilang mga tahanan ay may opsyon din upang ma-akses ang sistemang RAVBM. Ang mga botanteng boboto gamit ang sistemang RAVBM ay maaaring mag-log in sa Voter Profile Ko sa website ng ROV ([www.acvote.org](http://www.acvote.org)) para i-download ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ang mga panuto kung paano ipi-print, kumpletuhin, at ibalik ang kanilang balotang may boto sa ROV. Para sa mga pangkalahatang impormasyon sa mga botante, ang mga botante na may kapansanan ay maaari ring humingi ng tulong sa pamamagitan ng toll-free hotline ng ROV sa 1-800-834-6454. Ang ROV ay may mga kopya ng Gabay na Impormasyon para sa Botante na nakaimprenta sa malalaking letra na maaaring makuha kapag hiniling.

Bibigyan ang publiko ng isang walang bayad na numero ng telepono para sa botante upang ituro ang mga botante sa mga tampok ng accessibility upang magtanong at tumanggap ng mga impormasyon tungkol sa pagboto at may kaugnayan sa halalan. Ang walang bayad na numero ng telepono ay ililimbag sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante at ibibigay sa media outreach at sa tuwirang contact information ng botante kasama ang Patnubay na Impormasyon sa Botante, mga tuwirang mailers, Website ng ROV, at sa loob ng pakete ng Pagboto sa Koreo. Ang mga botanteng bingi, hirap makarinig, o may kapansanan sa pagbigkas ay maaaring gumamit ng California Relay Service (CRS) sa pag-dial sa 711 upang gamitin ang sistema sa telepono sa pamamagitan ng isang text telephone (TTY) o iba pang kagamitan upang tumawag sa toll-free ng telepono ng botante para makatawag sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Sinusuportahan ng CRS ang sumusunod na mga paraan ng komunikasyon: TTY, VCO, 2LVCO, HCO, STS, VASTS, ASCII, o Voice.

*Workshop ukol sa Edukasyon ng Botante para sa Komunidad ng May Kapansanan*

